## Tala: 1

Benign Prostatic Hyperplasia(includes abstract) Alan R; Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052443

Abstract: Ang benign prostatic hyperplasia (BPH) ay ang paglaki ng prostate. Ang paglaki ay hindi dahil sa cancer. Ang prostate ay isang gland na kasing-laki ng walnut na nasa leeg ng pantog. Pinapalibutan nito ang urethra. Ang gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Benign Prostatic Hyperplasia

**(BPH, Benign Prostatic Hypertrophy, Prostatism, Bladder Outlet Obstruction)**

ni: Rick Alan


[View English Version]

### Kahulugan

Ang benign prostatic hyperplasia (BPH) ay ang paglaki ng prostate. Ang paglaki ay hindi dahil sa cancer.

Ang prostate ay isang gland na kasing-laki ng walnut na nasa leeg ng pantog. Pinapalibutan nito ang urethra. Ang gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki.

**Prostate at Urethra**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

### Mga Sanhi

Ang tunay na dahilan ng BPH ay hindi nalalaman. Maaari itong kaugnay ng mga pagbabago sa mga antas ng hormone habang tumatanda ang mga lalaki. Sa kalaunan, nagiging napakalaki ng prostate at nagdidiin ng puwersa sa urethra. Nagiging sanhi ito upang maging makipot o lubusang magsara ang urethra.

### Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Ang pangunahing nagbibigay panganib sa BPH ay pagiging lampas 50 taong gulang. Pagdating ng edad na 60, 50% ng lahat ng mga lalaki ay magkakaroon ng ilang palatandaan ng BPH.

### Sintomas

Ang pagkipot ng urethra dulot ng paglaki ng prostate ang siyang sanhi ng mga sintomas ng BPH. Kadalasang lumulubha ang mga sintomas paglipas ng panahon.

Kasama sa mga sintomas ang:

- Kahirapang umpisahan ang pag-ihi
- Mahinang daloy ng ihi
- Pumapatak-patak sa dulo ng pag-ihi
- Pandamang di-kumpletong pagkakabakante ng pantog
- Pangangailangang umihi nang madalas, lalo na sa gabi
- Malalim na kawalan ng ginhawa sa ibabang bahagi ng tiyan
- Urge incontinence

**Pagsuri**
Ibabatay ang pagsuri sa BPH sa:

- Iyong edad
- Sintomas
- Digital rectal exam—ipinapasok ng doktor ang nakaguwantes na daliri sa tumbong upang suriin ng bahagi

Kasama sa mga ibang pagsusuri ang:

- Pagsusuri sa daloy ng ihi
- Cystometrogram (isang functional na pagsusuri sa paraan kung paano napupuno at nababakante ang iyong pantog)
- X-ray ng urinary tract
- Transrectal ultrasound
- Post-void residual volume test—sinusukat kung lubusan mong binabakante ang iyong pantog
- Cystoscopy —hinahayaan ng pagsusuring ito na makita ng doktor ang loob ng urethra at pantog

Ang pagsusuri para sa prostate specific antigen (PSA) ay madalas na ginagamit upang suriin para sa prostate cancer. Gayunpaman maaaring magdulot ang BPH ng mas kaunting pagtaas sa mga antas ng PSA . Maaaring pataasin nito ang maling alalahanin tungkol sa pagkakaroon ng cancer.

**Paggamot**
Hindi kailangan ang paggamot sa mga katamtamang kaso. Sa kalaunan karamihan ng mga lalaking nagkakaroon ng BPH ay humihingi ng medikal na pamamagitan.

Kasama sa mga paggamot ang:

## Gamot

Kasama sa mga gamot ang:

- Enzyme inhibitors ( 5-alpha reductase)
  - Finasteride (proscar)—pinipigilan ang paggawa ng tiyak na uri ng testosterone, na responsable sa paglaki ng prostate gland (sa ilang mga lalake, maaaring paliitin ng finasteride ang prostate)
  - Dutasteride (avodart)—pinipigilan ang paggawa ng tiyak na uri ng testosterone, na responsable sa paglaki ng prostate gland (maaaring humantong sa pagliit ng prostate)
- Alpha-blockers ( flomax , uroxatral , cardura , terazosin )—binabawasan ang pagbabara sa pantog at pinapabuti ang daloy ng ihi sa pamamagitan ng pagpapakalma sa mga kalamnan ng prostate at leeg ng pantog

May iba't ibang mga masasamang epekto ang parehong grupo ng mga gamot:

Ang mga enzyme inhibitor ay maaaring magdulot ng bumabang paghahangad ng pakikipagtalik at mga problema sa pagpapatigas sa ari. Ang mga alpha-blocker ay maaaring magdulot ng mababang presyon ng dugo, pagkahilo, o baradong ilong. Minsan pinagsasama ang mga ito.

Hindi dapat iminom ang mga lalaking may BPH ng mga gamot na decongestant na naglalaman ng mga alpha-agonist gaya ng pseudoephedrine . Maaaring palalain ng mga gamot na ito ang mga sintomas ng BPH.

## Mga Hindi Gaanong Mapaminsalang Pamamagitan

Ginagamit ang mga ito kapag hindi mabisa ang mga gamot, ngunit hindi handa ang pasyente para sa operasyon. Kasama sa mga paggamot na hindi pag-opera ang:

- Transurethral microwave thermotherapy (TUMT)—gumagamit ng mga microwave upang sirain ang sobrang tissue ng prostate
- Transurethral needle ablation (TUNA)—gumagamit ng mga mababang antas ng radio frequency upang sunugin ang mga bahagi ng lumaking prostate
- Transurethral laser therapy—gumagamit ng sadyang nakatutok na enerhiya ng laser upang tanggalin ang tissue ng prostate

## Operasyon

Kasama sa mga prosesong pag-oopera ang:

- Transurethral surgical resection of the prostate (TURP) —ipinapasok ang isang scope sa pamamagitan ng ari upang tanggalin ang lumaking bahagi ng prostate
- Transurethral incision of the prostate (TUIP)—ginagawa ang maliliit na hiwa sa leeg ng pantog upang luwangan ang urethra, hindi pa malinaw na naihayag ang pangmatagalang bisa
- Open surgery—pagtanggal sa lumaking bahagi ng prostate sa pamamagitan ng hiwa, kadalasan sa ibabang bahagi ng tiyan, mas mapaminsala kaysa TURP o TUIP
- Prostatic stents—mga maliliit na likaw na bakal na ipinapasok sa urethra upang luwangan ito at panatiliing nakabukas
    - Kadalasang ginagamit para sa mga lalakeng hindi nais uminom ng gamot o magkaroon ng operasyon
    - Hindi lumalabas na mabuting pangmatagalang pagpipilian

## Mga Alternatibong Paggamot

Tatlong iba't ibang mga halamang gamot ang ginagamit para sa BPH:

- Saw palmetto
- Beta-sitosterol
- Pygeum ( *Prunus Africana* )

Wala sa mga ito ang aprobado ng US Food and Drug Administration. Limitado ang pananaliksik tungkol sa bisa at kaligtasan nito. Madalas na nagkakasalungat ang mga resulta. Ito ay maaaring dahil sa pagkakaiba ng mga produkto at kahirapan sa paggawa ng ganitong mga uri ng pag-aaral. **Pag-iwas**

Natural na nangyayari ang paglaki ng prostate sa pagtanda. Walang mga tiyak na hakbang sa pag-iwas.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052443